**OPISINA NG BISE TSANSELOR PARA SA GAWAING PANGKOMUNIDAD**
UNIBERSIDAD NG PILIPINAS DILIMAN
Quezon Hall, Diliman, Lungsod ng Quezon
Telepono: (632) 8928 2947; 8981 8500 local 8600, 8601
*e-mail:* ovcca.updiliman@up.edu.ph

Ika- 12 ng Pebrero, 2021

Memorandum Blg. ABB – 21 – 07

Para Sa : Mga Kasapi ng Komunidad ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman

Paksa : **Panawagan para sa Nominasyon ng 2021 Gawad Tsanselor Para Sa Natatanging Lingkod Komunidad, at Rekomendasyon sa Pagkilala sa mga Organisasyon na Tumulong sa Komunidad ng Unibersidad sa Panahon ng Pandemya**

---

Gaganapin sa ika-14 hanggang ika-18 ng Hunyo, 2021 ang Linggo ng Parangal ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Sa panahong ito, paparangalan ang mga natatanging guro, mananaliksik, kawani, at mag-aaral ng Unibersidad. Magbibigay din ng parangal sa Natatanging Lingkod Komunidad at kikilalanin ang mga organisasyon na tumulong sa komunidad ng Unibersidad sa panahon ng pandemya. Bukas ang nominasyon at rekomendayon ng pagkilala mula ika-15 ng Pebrero hanggang ika-15 ng Marso, 2021.

## I. Panawagan para sa Nominasyon ng 2021 Gawad Tsanselor Para Sa Natatanging Lingkod Komunidad

Binubuksan ang nominasyon para sa 2021 Gawad Tsanselor para sa Natatanging Lingkod Komunidad. Maaaring maging nominado sa kategoryang ito ang isang indibidwal, grupo, o anumang organisasyon na naglilingkod sa mga komunidad ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Magiging pamantayan sa pagpili sa *Natatanging Lingkod Komunidad* ang mga sumusunod:

***Kalidad ng Serbisyong Naibigay sa Komunidad (40%).*** Magbigay ng listahan ng mga naisagawang proyekto at aktibidad sa nakaraang tatlong (3) taon. Isama sa write-up ang haba ng oras at dami ng lakas-tao na nailaan sa komunidad.

***Epekto ng Paglilingkod sa Komunidad (40%).*** Ito ay patungkol sa mga pagbabago na naganap sa komunidad dulot ng serbisyo ng nominado. Isama rin sa write-up kung gaano karami ang nagbenepisyo sa mga proyekto, aktibidad at iba pang serbisyo. Magbigay ng katibayan na naging sustainable ang mga proyektong nasimulan.

***Pagiging Katangi-tangi at Pagkamalikhain (20%).*** Mas bibigyan ng pahalaga ang mga proyektong malikhain at di-pangkaraniwan.

Kailangang makapagsumite ng *write-up* na may kaugnayan sa naging kontribusyon sa komunidad, inisyatiba at naipagkaloob na serbisyong may kinalaman sa kapaligiran, kalusugan, seguridad, kapayapaan, kaayusan, kultura at/o iba pa. Mangyaring isulat sa hindi lalagpas sa tatlong (3) pahina ng A4 *bondpaper*, gamit ang *Arial font, size 11, single space,* kung bakit karapat-dapat na kilalanin ang isang indibidwal, grupo o anumang organisasyon bilang *Natatanging Lingkod Komunidad*.  Maglakip ng mga katibayang dokumento.

Ang magwawagi bilang *Natatatanging Lingkod Komunidad* ay mabibigyan ng sertipiko at gantimpalang nagkakahalaga ng Php130,000.000.  Bukod dito, mabibigyan din ng Php40,000.00 ang komunidad na kanyang pinaglaanan ng serbisyo.

## II. Pagkilala sa mga Organisasyon na tumulong sa komunidad ng Unibersidad sa panahon ng pandemya

Bibigyang pagkilala ang mga organisasyon na tumulong sa iba't ibang sektor sa loob ng komunidad ng UP sa panahon ng pandemya. Mungkahing magsumite ng *write-up* na naglalahad sa tulong na naibigay sa komunidad ng Unibersidad mula Marso 2020 hanggang Disyembre 2020. Mangyaring isulat sa hindi lalagpas sa tatlong (3) pahina ng A4 *bondpaper*, gamit ang *Arial font, size 11, single space,* ang nabigay ng tulong ng organisasyon. Maglakip ng mga dokumento, larawan, sertipikasyon mula sa grupong tinulungan. Ang mga kikilalanin ay mabibigyan ng *special citation* at token.

Isumite ang kalakip na nasagutang *Pormularyo ng Nominasyon o Pagkilala,* kasama ang mga katibayang dokumento sa *Tanggapan ng Bise Tsanselor Para sa Gawaing Pangkomunidad* bago ang ika – 5:00 ng hapon sa ika-15 ng Marso, 2021 (Lunes).

Kung may karagdagang katanungan, tumawag lamang kay Hazel Desierto sa Tanggapan ng Bise Tsanselor Para sa Gawaing Pangkomunidad sa telepono bilang 8928 2947 o 8981 8600 o mag-email sa ovcca.updiliman@up.edu.ph.

Maraming salamat.

**PROP. ALELI B. BAWAGAN, PhD.**
Bise Tsanselor para sa Gawaing Pangkomunidad
at Tagapangasiwa, *Ad Hoc Committee* para sa Seleksyon ng
2021 Gawad Tsanselor Para sa Natatanging Lingkod Komunidad

## 2021 Gawad Tsanselor Para sa Natatanging Lingkod Komunidad

## Pormularyo ng Nominasyon

**Pangalan ng Nominadong Indibidwal o Organisasyon:** ____________________________________________

**Kolehiyo o Yunit o Organisasyon :** ____________________________________________________________

**Address ng Indibidwal o Organisasyon:** ________________________________________________________

**Telepono:** __________________________ **Email:** ________________________________

**Maikling Paliwanag ng Uri ng Serbisyo o Aktibidad:** _______________________________________________

______________________________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________________________

**Kasalukuyang Posisyon, Ranggo o Tungkulin ng Nominado:**____________________________________________

**Bilang ng Benepisyaryo mula Enero 2018 hanggang Disyembre 2020:** ____________________________________

**Komunidad kung saan Naglingkod (Address/Sektor):** _________________________________________________

**Bilang ng Oras na Naibibigay kada Buwan:** _________________________________________________________

**Dalas ng Pakikipag-ugnayan sa Komunidad:** ________________________________________________________

**Bilang ng Taon ng Pagbibigay Serbisyo:**____________________________________________________________

**Pangalan ng Nagnomina:** _______________________________________

**Lagda ng Nagnomina:** _________________________________________

**Petsa ng Pagpirma:** ___________________________________________

## 2021 Gawad Tsanselor Para sa Pagkilala
## sa Organisasyon na Tumulong sa Panahon ng Pandemya

## Rekomendayon ng Pagkilala

**Pangalan ng Organisasyon:** ____________________________________________

**Contact Person mula sa Organisasyon:** ___________________________________

**Address ng Organisasyon:** ______________________________________________________

**Telepono:** ________________________ **Email:** _____________________________

**Maikling Paliwanag ng Tulong na Naibigay:** _____________________________________________________

_________________________________________________________________________________________

_________________________________________________________________________________________

_________________________________________________________________________________________

**Bilang ng Benepisyaryo mula Marso 2020 hanggang Disyembre 2020:**_______________________________

**Komunidad kung saan Naglingkod (Address/Sektor):** _____________________________________________

**Pangalan ng Nagrekomenda:**___________________________________

**Lagda:**_____________________________________________________

**Petsa ng Pagpirma:** ___________________________________________